# iSangLahi 6 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

**I. Video Presentation.** Bumuo ng limang (5) pangkat. Gumawa ng maikling video presentation na nagpapakita ng kontribusyon ng Pilipinas sa daigdig sa aspetong pangkabuhayan, pangkapayapaan, pangkalikasan, at pangkultura. Ibahagi ito sa klase. (8 puntos)

**II. PAGPIPILI.** Basahin ang mga pahayag. Bilugan ang tamang sagot sa loob ng panaklong. (15 puntos)

1. Ang (nasyonalismo, liberalismo) ay ang masidhing damdamin na nagpapakita ng pagmamahal sa sariling bansa.
2. Dahil sa pagbubukas ng (Suez Canal, Mediterranean Sea) lalong naging masigla ang kalakalan at maraming mga Pilipino ang nakarating sa Espanya.
3. Si (Gobernador-Heneral Carlos Maria De la Torre, Gobernador-Heneral Rafael Izquierdo) ay isang Espanyol na naniniwala at nagpapatupad ng kaisipang liberal.
4. Ang mga paring (sekular, regular) ay mga Espanyol na kabilang sa isang orden tulad ng mga Dominikano, Agustino, at Pransiskano.
5. Itinatag ni Jose Rizal ang (Katipunan, La Liga Filipina).
6. Ang ritwal na ginagawa ng mga taong nais maging kasapi ng katipunan ay tinatawag na (Sanduguan, Pacto de Sangre).
7. Ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay akda ni (Jose Rizal, Andres Bonifacio).
8. Ang (Sigaw sa Pugad Lawin, Kasunduan sa Biak-na-Bato) ay ang naging hudyat ng pagsisimula ng himagsikan.
9. Si (Melchora Aquino, Gregoria de Jesus) ang tinaguriang "Ina ng Himagsikan."
10. Noong Hunyo 12, 1898 ay idineklara ang Kalayaan ng Pilipinas sa (Kawit, Maragondon) Cavite.
11. Ang huwad na labanan (mock war) ay naganap sa (Bulacan, Maynila) noong Agosto 13, 1898.
12. Si (Emilio Jacinto, Apolinario Mabini) ay isang abogado at tinaguriang "Utak ng Himagsikang Pilipino."
13. Si (Gregorio del Pilar, Antonio Luna) ay tinaguriang "Ang Batang Heneral."

**14.** Ang (Kasunduan sa Paris, Kasunduan sa Tordesillas) ay ang pagpapaubaya ng mga Espanyol sa Pilipinas sa Amerika sa halagang $20,000,000.

**15.** Ang kilusang Propaganda ay gumamit ng (tahimik, dahas) na paraan sa pakikipaglaban.

# iSangLahi 6 – Answer Keys for Unit 1

## I. VIDEO PRESENTATION

| Rubrik sa Pagmamarka ng *Video Presentation* | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Pinakamahusay (4)** | **Mahusay (3)** | **Katanggap-tanggap (2)** | **Mapag-huhusayan pa (1)** | **Iskor** |
| **Nilalaman** | Naipakita ang isang makabuluhang video presentation na may kaugnayan sa paksa. | Angkop ang mga impormasyong ipinakita sa video presentation. | Karamihan sa impormasyong naipakita ay walang kaugnayan sa paksa. | Walang naipakitang impormasyon. | |
| **Presentasyon** | Organisado, malikhain, malinaw, at maayos ang video presentation. | Malinaw, at maayos ang video presentation. | Maayos ang video presentation ngunit may hindi malinaw na bahagi. | Hindi maayos ang video presentation. | |
| **Kabuuang Marka** | | | | ______/10 | |

## II. PAGPIPILI

1. **Nasyonalismo**
2. ***Suez Canal***
3. **Gobernador-Heneral Carlos Maria De la Torre**
4. **Regular**
5. ***La Liga Filipina***
6. ***Pacto de Sangre***
7. **Jose Rizal**
8. **Sigaw sa Pugad Lawin**
9. **Melchora Aquino**
10. **Kawit**
11. **Maynila**
12. **Apolinario Mabini**
13. **Gregorio del Pilar**
14. **Kasunduan sa Paris**
15. **Tahimik**